REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**

**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 10-352**

**KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA KAGALANG-GALANG PANGULO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, GLORIA MACAPAGAL-ARROYO NA MAIPAGKALOOB ANG PAGMAMAY-ARI SA MGA PAMILYANG NANINIRAHAN SA NBP SOUTHVILL 3 SA PROYEKTONG PABAHAY NG NHA SANG-AYON SA MGA PATAKARAN NG PAMAHALAAN AT GANOON DIN SA KAKAYAHAN NILANG MAGBAYAD.**

******************************************************************************************

Ipinanukala ng: *Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.*

Kasamang Nagpanukala: *Kgg. Punonglungsod Aldrin L. San Pedro*
*Kgg. Pang. Punonglungsod Artemio A. Simundac*
*Kgg. Kon. Allen F. Ampaya*
*Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon*
*Kgg. Kon. Margarita Amythyst Patdu-Labios, MD*
*Kgg. Kon. Melchor R. Teves*
*Kgg. Kon. Mggl. Icasiano M. dela Rea*
*Kgg. Kon. Marita Deang-Calalang, DMD*
*Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing*
*Kgg. Kon. Joselito V. Arevalo*
*Kgg. Kon. Luvi P. Constantino*
*Kgg. Kon. Inhr. Marissa Cole-Rongavilla*
*Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday*
*Kgg. Kon. Robert A. Arevalo*
*Kgg. Kon. Mggl. Rey E. Bulay*
*Kgg. Kon. Dann Henry G. Teves – SK Chairman*
*Kgg. Kon. Celso C. Dioko - ABC President*

******************************************************************************************

**SAPAGKAT,** isinasaad sa Seksiyon 9, Artikulo II ng 1987 Saligang Batas ng Pilipinas na, "*dapat itaguyod ng Estado ang makatwiran at dinamikong kaayusang panlipunan na titiyak sa kasaganan at kasarinlan ng bansa at magpapalaya sa sambayanan laban sa kahirapan sa pamamagitan ng mga patakarang nagtatakda ng sapat na mga lingkurang panlipunan, nagtataguyod ng pagkakataon na magkahanapbuhay ang lahat, umaangat ng pamantayan ng pamumuhay at ng lalong mainam na uri ng buhay para sa lahat*";

**SAPAGKAT,** isinasaad din sa Seksiyon 10, Artikulo II ng parehong Konstitusyon na, ***"dapat itaguyod ng Estado ang katarungang panlipunan sa lahat ng mga yugto ng pambansang pagpapaunlad"***;

**SAPAGKAT,** ayon sa Seksiyon 9, Artikulo XIII ng parehong Konstitusyon ay nagsasaad ng,"***dapat magsagawa ang Estado, sa pamamagitan ng batas at para sa kabutihan ng lahat, sa pakikipagtulungan sa pribadong sector, ng patuluyang programa sas reporma sa lupang urban at sa pabahay na magbibigay ng makakayanang disenteng pabahay at mga pangunahing paglilingkod sa mga mamamayang dukha at walang tahanan sa mga sentrong urban at mga panahanang pook xxx"***;

**SAPAGKAT,** bago ang rehabilitasyon ng sistemang perokaril kinailangang ilipat ang mga kababayan nating naninirahan sa tabing riles, at ang pamahalaan sa ilalim ng pamumuno ng Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ay nag-isyu ng Memorandum Order No. 46 noong ika-10 ng Disyembre 2001, na inaatasan ang Housing and Urban Development Coordinating Council (HUDCC) na ilipat at bigyan ng lugar na pagtitirikan ng ng pabahay para sa mga kabybabayan nating maaapektuhan ng prigramang rehabilitasyon at pagsasamoderno ng PNR. Inatasan din ng Pangulo ang lahat ng ahensiya ng pamahalaan na magbigay ng kinakailangang suporta at tulong upang mapabilis ang paglilipat ng mga kababayan nating ito.

**SAPAGKAT,** noong nakaraang taon 2009 ay matagumpay na nailipat sa NBP Southville 3 NHA Housing Project ang humigit kumulang sa pitong libo limandaang (7,500) bilang ng pamiyla;

**SAPAGKAT,** ang katayuan ng paninirahan ng naturang mga pamilya sa NBP Southville 3 ay pangungupahan lamang at walang nakalagay sa kasunduan nila sa pamahalaan na ang mga pabahay na kanilang tinitirahan ay maipagkakaloob sa kanila ang pagmamay-ari pagdating ng tamang panahon;

**SAPAGKAT,** ang mga kababayan nating ito ay humihiling ng agarang pag-uusap na maipagkaloob sa kanila ang pagmamay-ari sa naturang mga pabagay sa paraang sang-ayon sa mga patakaran ng pamahalaan;

**SAPAGKAT,** ayon sa Seksiyon 457 ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ang Sangguniang Panlungsod ay dapat mag-aapruba ng resolusyon para sa kagalingang panlahat ng mga naninirahan dito sang-ayon sa isinasaad ng Seksiyon 16 ng nasabing Kodigo;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang ika-5 Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ay humihiling sa Kagalang-galang na Pangulo ng Republika ng Pilipinas, Gloria Macapagal-Arroyo na maipag-kaloob ang pagmamay-ari ng mga pabahay sa mga pamilyang naninirahan sa NBP Southville NHA Housing Project sang-ayon ssa mga patakaran ng Pamahalaan at kakayahang magbayad.

**INAPRUBAHAN,** ng ika-***5 Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong ***ika-8 ng Marso, 2010***, sa kanilang ***ika-112th Regular na Sesyon***.

**SINANG-AYUNAN:**

**DISTRITO I:**

**KON. ALLEN F. AMPAYA**
*Miyembro*

**KON. ALLAN REY A. CAMILON**
*Miyembro*

*Pahina 3*
*Kapasiyahang Panlungsod Bilang 10-352*

**KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, MD**
*Miyembro*

**KON. MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Miyembro*

**KON. MARITA DEANG-CALALANG, DMD**
*Miyembro*

**DISTRITO II:**

**KON. FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Miyembro*

**KON. LUVI P. CONSTANTINO**
*Miyembro*

**KON. INHR. MARISSA COLE-RONGAVILLA**
*Miyembro*

**KON. INHR. MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Miyembro*

**KON. VERGEL C. ULANDAY**
*Miyembro*

**KON. ROBERT A. ABAS**
*Miyembro*

**KON. MGGL. REY E. BULAY**
*Miyembro*

**KON. CELSO C. DIOKO**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punong Barangay*

**KON. DANN HENRY G. TEVES**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

*Pahina 4*
*Kapasiyahang Panlungsod Bilang 10-352*

**LIBAN:**

**KON. MA. LUISA BABARAN-ECHAVEZ, MD**
*Miyembro*

**KON. ERMIE S. ESPELETA**
*Miyembro*

**KON. JOSELITO V. AREVALO**
*Miyembro*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**LEONORA M. MARCELO**
*Legislative Staff Officer IV*

**PINATUTUNAYAN:**

**KON. MELCHOR R. TEVES**
*Tumatayong Tapangulo*

**PINAGTIBAY:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ____________

*Norie/*

In Replying, Please Cite: R00540536
Received On: 03/23/10 By: MRO

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

22 March 2010

**Her Excellency, GLORIA MACAPAGAL-ARROYO**
President
Republic of the Philippines
Malacañang Palace, JP Laurel St, San Miguel, Manila

Dear Madam President:

We are respectfully forwarding to your good office a copy of ***Kapasiyahang Panglungsod Bilang 10-352 na humihiling sa Kagalang-galang Pangulo, Gloria Macapagal-Arroyo na maipagkaloob ang pagmamay-ari sa mga pamilyang naninirahan sa NBP Southville 3 sa proyektong pabahay ng National Housing Authority, sang-ayon sa mga patakaran ng Pamahalaan at ganoon din sa kakayahan nilang magbayad.***

We hope that, for the general welfare of our constituents living in the said project, this would merit your kind consideration and favorable action.

Respectfully yours,

For: Sangguniang Panglungsod

**LEONORA M. MARCELO**
Loc. Legislative Staff Officer IV
Sangguniang Panglungsod - Secretariat

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Website: www.muntinlupa.gov.ph

Tel. Nos.: 543-0766 * 861-1557
Fax.: 861-0181